Republika ng Pilipinas
Lalawigan ng Laguna
**BAYAN NG SANTA CRUZ**

7ila

## TANGGAPAN NG SANGGUNIANG BAYAN

SINIPI SA KATITIKAN NG KARANIWANG PULONG NG KAGALANG-GALANG SANGGUNIANG BAYAN NG SANTA CRUZ, LALAWIGAN NG LAGUNA NA IDINAOS SA BATASANG BAYAN NOONG SETYEMBRE 14, 2009, ARAW NG LUNES, SA GANAP NA IKA-9:30 NG UMAGA.

DUMALO:

| | | |
|---|---|---|
| Kagalang-galang ALAN T. PAMATMAT | ..... | PANGALAWANG PUNONG BAYAN Tagapangulo |
| Kagalang-galang Louie C. de Leon | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Ramon D. Tan | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Jun M. Asinas | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Romulo A. Elca | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Laura P. Obligacion | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Roselon F. Pamatmat | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Angelito U. Limjuco | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Oscar F. Feliciano | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Isagani R. Malapaya | ..... | Kagawad – Pangulo /Liga ng mga Barangay |
| Kagalang-galang John Carlos C. delos Reyes | . | Kagawad – Pangulo / Sang. Kabataan |

## KAUTUSANG BAYAN BLG. 20- T2009

## KAUTUSANG BINABAGO UPANG GAWING "SOCIALIZED HOUSING SITE" ANG LUPANG MAY LOT NO. 1271 – A NA NAKA-PROKLAMANG "SCHOOL SITE" AT MATATAGPUAN SA PUROK 7, SITIO SAN LUIS, BARANGAY CALIOS NG BAYANG ITO.

**SAPAGKA'T**, ang lupang may Lot No. 1271-A sa may Purok 7, Sitio San Luis sa Barangay Calios ay napapabilang na Residential Zone batay sa Municipal Zoning Ordinance at Land Use Plan;

**SAPAGKA'T,** ang nasabing lupa ay proklamado bilang "school site" noon pang taong 1925 sa ilalim ng Proclamation No. 30, na may petsa Hulyo 7, 1925;

**SAPAGKA'T**, ayon sa Seksyon 8, Artikulo IX, ng Urban Development and Housing Act of 1992 (UDHA) o Batas-Republika Blg. 7279, kapag ang isang lupa ay hindi na ginagamit ayon sa proklamasyon nito sa loob ng 10 taon, maaari nang baguhin at gamitin ito bilang "socialized housing";

**SAPAGKA'T,** ang nasabing lupa ay di na gagamitin ng pamahalaang bayan para sa iba pang panghinaharap na proyekto;

**SAPAGKA'T,** ang nasabing lupa ay matagal nang tinitirahan nang mahigit na 100 pamilya mula nang taong 1998 hanggang sa kasalukuyan;

**SAPAGKA'T,** isa sa mga pangunahing programa ng pamahalaang bayan ay ang pabahay para sa kapakanan ng mga mamamayan, partikular ay mga mahihirap na nais na magkaroon ng sariling bahay at lupa.

**KUNG KAYA'T, DAHIL DITO,** sa mungkahi ng Kagalang-galang Kagawad Angelito U. Limjuco (Tagapamuno ng Lupon sa Pabahay at Paggamit ng Lupa), na pinangalawahan ng mga Kagalang-galang Kagawad Roselon F. Pamatmat at Oscar F. Feliciano at sa buong pagsang-ayon at pagkakaisa ng lahat na ngayo'y kaharap, ay

**PINAGPASIYAHANG:** Pagtibayin ang sumusunod na:

**SEKSYON 1** – Baguhin at gawing "socialized housing site" ang lupang may Lot No. 1271-A na naka-proklamang "school site" at matatagpuan sa Purok 7, Sitio San Luis, Barangay Calios ng bayang ito.

**SEKSYON 2** – Ang kautusang ito ay magkakabisa matapos na mapagtibay.

**INIUUTOS:** Na padalhan ng sipi ng kautusang ito ang Kagalang-galang Sangguniang Panlalawigan, Kagalang-galang Punong Bayan, Municipal Urban Development Housing Board, Pambayang Pinunong Tagapagbalangkas at Tagapag-ugnay sa Kaunlaran at Sangguniang Barangay ng Calios, lahat sa bayang ito, para sa kanilang kabatiran at kaukulang hakbang.

**PINAGTITIBAY.**

karugtong ng Kautusang Bayan Blg. 20-T2009



**PINATUTUNAYAN** kong tumpak at wasto ang nasasaad sa kautusang ito.

**JEANETTE P. ALFONSO**
Kalihim ng Sangguniang Bayan

**LOUIE C. DE LEON**
Kagawad

**RAMON D. TAN**
Kagawad

**JUN M. ASINAS**
Kagawad

**ROMULO A. ELCA**
Kagawad

**LAURA P. OBLIGACION**
Kagawad

**ROSELON F. PAMATMAT**
Kagawad

**ANGELITO U. LIMJUCO**
Kagawad

**OSCAR F. FELICIANO**
Kagawad

**ISAGANI R. MALAPAYA**
Kagawad

**JOHN CARLOS C. DELOS REYES**
Kagawad

NAGPATOTOO:
**ALAN T. PAMATMAT**
Pang. Punong Bayan
Tagapangulo

PINAGTIBAY:
**ARIEL T. MAGCALAS**
Punong Bayan